


NANG MAGLIYAB ANG GABI
(A NIGHT AFLAME)
BATAY SA ISTORYANG HAPON, "INAMURA NO HI"


# ANG MAPINSALANG TSUNAMI SA INDIAN OCEAN DISYEMBRE 26, 2004




IKA-26 NG DISYEMBRE 2004. ISANG MALAKING "TSUNAMI" O DAMBUHALANG ALON NA LIKHA NG ISANG MALAKAS NA PAGLINDOL SA ILALIM NG DAGAT, ANG NAMINSALA SA DALAMPASIGAN NG MGA BAYANG KARATIG NG INDIAN OCEAN. KABILANG SA MGA BANSANG MALUBHANG TINAMAAN AY ANG INDONESIA, THAILAND. SRI LANKA AT INDIA. MAHIGIT 200,000 KATAO ANG NAMATAY AT DI MABILANG NA BAHAY, ARI-ARIAN AT KABUHAYAN ANG NASIRA.


## BUGBOG DIN ANG PILIPINAS SA DAGOK NG TSUNAMI.


ANG PILIPINAS AY MALIMIT DIN TAMAAN NG TSUNAMI. BATAY SA TALAAN NG PHIVOLCS 27 NA ANG TSUNAMI NA TUMAMA SA ATING MGA DALAMPASIGAN SA IBA'T IBANG PANIG NG KAPULUAN, ANG UNANG NATALA AY NAGANAP NOONG SETYEMBRE 1627 SA CAGAYAN. HILAGANG LUZON AT ANG PINAKABAGO AY NOONG IKA-15 NG NOBYEMBRE 1994 SA MINDORO.





## PAANO TAYO MAKAKALIGTAS SA DAGOK NG TSUNAMI?


ANG SUMUSUNOD NA ISTORYA, **NANG MAGLIYAB ANG GABI.** PATI ANG MGA KALAKIP NA IMPORMASYON SA KOMIKS NA ITO AY TUMUTUGON SA TANONG. IPINAHIHIWATIG NG ISTORYA ANG KAHALAGAHAN NG PAGKAALERTO AT MAAGAP NA PAGLIKAS SA MATAAS NA LUGAR, ITO AY BATAY SA ISTORYA NG ISANG BAYBAYING BAYAN SA HAPON NA NAKAPAGLIGTAS NG MARAMING KABABAYAN MULA SA TSUNAMI (INAMURA NO HI STORY)


NANG MAGLIYAB ang GABI
MAKAPIGIL-HININGA ANG MALAWAK NA KABUKIRAN NA TILA NAKALATAG NA LUNTIANG SEDA SA MALAPAD NA PATAG SA GILID NG BUROL. MALUSOG ANG LUPA AT MASAGANA ANG ANI SA BUKIRING ITO. DULOT AY KABUHAYAN SA BUONG SAMBAYANAN NG TALIMLIM. ITO ANG KAYAMANAN NI KA DIEGO.
MULA SA TALAMPAS NA ITO AY MATATANAW SA DAKONG ITAAS ANG MATATAYOG AT MAYAYABONG NA PUNONG KAHOY NA TILA MATITIKAS NA TANOD NG KALIKASAN. SA DAKONG IBABA NAMAN ANG MGA KABAHAYAN SA LAMBAK AT ANG BUGHAW NA LAOT NG DAGAT NA TILA SINASALAMINAN NG LANGIT SA SIKAT NG ARAW.
MASISIPAG AT PINAGPALA SA BIYAYA NG LUPA AT DAGAT ANG MGA TAGA RITO SA BAYAN NG TALIMLIM. KAYA NAMAN BILANG MGA MAGSASAKA AT MANGINGISDA MASAYA AT MASAGANA SILANG NAMUMUHAY SA KANILANG KAPALIGIRAN.
3


BISPERAS NG ARAW NG KAPISTAHAN NI SAN ISIDRO LABRADOR, ANG PATRON NG BAYAN.
MAGLULUTO NA AKO NG HAPUNAN, DIEGO. KAY SIPAG NAMAN NG MGA ANAK MO, KANINA PA SILA SA KAMALIG NAG-AAYOS.
ABA, PURISIMA, MAY PINAGMANAHAN YATA ANG TATLO. NAKU DAGDAGAN MO ANG PANAHOG AT TIYAK GUTOM ANG MGA IYAN.
HMM, MUKHANG HANDANG-HANDA KA NA SA PAGDIRIWANG NG PISTA BUKAS.
SASABITAN KO ITO NG MARAMING PRUTAS, PAGKAIN AT PERANG PAPEL. TIYAK NA MASISIYAHAN ANG MGA TAO, PARAAN NG PASASALAMAT NATIN ITO SA DIYOS SA PATULOY NIYANG PAGPAPALA SA ATING KABUHAYAN.
SA IBABA NG BUNDOK AY ABALA RIN ANG MGA TAO SA PAGHAHANDA SA PISTA.
MGA KASAMA, MATAMIS ANG SABAW NG BUKO! KUMUHA KAYO!
LEANDRO! ANO ANG HANDA MONG PAGKAIN BUKAS?
MASARAP ANG NILULUTO NI INANG, KAYO? KUMUSTA ANG INYONG PAGHAHANDA?
NAKU, NAPAKABAIT TALAGA NI KA DIEGO. PINAHIRAM NIYA AKO NG PERA UPANG MAKAPAMILI NG PANGHANDANG PAGKAIN PARA SA AKING MAG-ANAK.
ALAM NYO BA NA SI KA DIEGO NA RIN ANG MAGBIBIGAY NG BAGAKAY? AT SASABITAN DAW NIYA ITO NG MARAMING PRUTAS AT PAGKAIN! AT MAGBIBIGAY PA RAW SIYA NG MARAMING PAPREMYO! TIYAK NA MASAYA ANG PISTA NATIN, BUKAS!
MAPALAD TALAGA TAYO SA PAGKAKAROON NG ISANG AMO NA TULAD NI KA DIEGO, MABAIT, MATALINO, MAPAGMALASAKIT SA KAPWA AT MAKADIYOS. SA TAGAL NG PANAHON NG PAGLILINGKOD KO SA KANYA PARANG ISANG KAPATID ANG TURING NA NIYA SA AKIN.
4


NANG HAPONG IYON AY MASAYANG NAGSALU-SALO ANG MAG-ANAK NI KA DIEGO.
MANO PO, LOLO, LOLA.
PAGPALAIN NAWA KAYO. KAKAIN NA TAYO. NAKAHAIN NA ANG HAPUNAN.
NAGDALA PO KAMI NG PANGHIMAGAS.
BAGO NAGSIMULANG KUMAIN, SABAY-SABAY NANAG-DASAL ANG MAG-ANAK...
AT MASAYA NILANG PINAGSALUHAN ANG HAPUNAN.
NANAY, BAKIT PO MASAYA KAPAG MAY PISTA? BAKIT PO BA MAY PISTA?
NAGPAPASALAMAT ANG LAHAT, ANAK, SA DIYOS AT SA PATRON NG BAYAN, SI SAN ISIDRO SA BIYAYA NG MASAGANANG ANI KAYA NAGSASAYA RIN ANG LAHAT.
PAANO PO BA TAYO NAGSASAYA?
MAGSASABIT TAYO ANAK NG MGA PAHIYAS. MGA GULAY, PRUTAS AT IBAT IBANG PAGKAIN SA LABAS NG ATING BAHAY.
PAGDAAN NG PRUSISYON, KUKUNIN NG MGA TAO ANG MGA NAKASABIT NA PAGKAIN.
MIGUEL, KUMUSTA NAMAN ANG ATING KABABAYAN SA IBABA?
MABUTI NAMAN PO, AMANG. ABALA PO AT MASAYANG NAGHAHANDA ANG LAHAT PARA SA PRUSISYON AT MGA PALARO BUKAS.
HA HA HA HA HA.
MANGHINGI KAYA MUNA PO TAYO SA KAPITBAHAY.
NAKU, PAUBOS NA ANG KANIN. NAPASARAP YATA ANG KAIN NG LAHAT.
5


KAYSARAP SA PAKIRAMDAM ANG MASAYANG PAGSASALU-SALO NG MAG-ANAK, MAY HATID NA GALAK SA PUSO, SA SARILI AY LIHIM NA NAGPAPASALAMAT SA DIYOS SI KADIEGO SA LAHAT NG BIYAYANG KANILANG TINATANGGAP.
NAALALA NIYA ANG KANYANG MGA MAGULANG.
PATAYO SANA SI PURISIMA UPANG KUNIN ANG PANGHIMAGAS NANG...
ABA... NAHIHILO YATA AKO.
NANG MAMASDANG UMUUGA ANG MESA AT YUMAYANIG ANG SAHIG AY SAKA NAUNAWAAN ANG NANGYAYARI.
SUSMARYOSEP, LUMILINDOL!
ANG MGA BATA, HAWAKAN NINYO!
INAAAY!
BIGLA ANG SUNDOT NG KABA SA DIBDIB NI KADIEGO. NARAMDAMAN NA NIYA ANG GANUNG PAGLINDOL NOON.
MAGDASAL TAYO! LUMUHOD TAYONG LAHAT!
MGA BATA, DITO KAYO! DITO TAYONG LAHAT!



PAANO NIYA MALILIMUTAN? NANGANGAHOY SIYA NOON SA TALAMPAS, NANG SUMAPIT ANG PAGLINDOL,
NAMASDAN NIYA ANG PAGLAYO NG LAOT SA DALAMPASIGAN... NARANASAN NIYA ANG PAGDAGUNDONG NG PALIGID NA TILA SUNOD-SUNOD NA PAGKULOG SA KALANGITAN,
AT ANG TRAHEDYANG SINAPIT NG MGA MAGULANG... SA MURANG GULANG AY NAULILA SIYA, NAWALAN NG MGA MAHAL SA BUHAY...


MATAPOS ANG PAGBABALIK-ALAALA AY MABILIS NA TUMINDIG SI KA DIEGO. AGAD NA NAG-UTOS SA TATLONG ANAK NA LALAKI.
MIGUEL, JOSELITO, FEDERICO! KUNIN NINYO ANG MGA SULO AT SUMUNOD KAYO SA AKIN SA KAMALIG!
NAGTATAKA MAN AY SUMUNOD ANG MAGKAKAPATID.
KUYA, ANO KAYA ANG GAGAWIN NATIN SA KAMALIG? ANO ANG BALAK NI AMANG?
MALIWANAG ANG BUWAN. ANG TANGING SAKSI SA NAGDUDUMALING MGA TAONG PATUNGO SA IISANG DIREKSIYON: SA KAMALIG.



MAKAPANGYARIHAN ANG UTOS.
SILABAN NINYO ANG KAMALIG! MADALI KAYO!
AMANG?!
MANGHA ANG MAGKAKAPATID, HINDI MAISAMBIT ANG PAGTATANONG. PARANG MGA NANGAUMID ANG DILA.
NAKATANAW SA IBABA SI KA DIEGO. MALAYO ANG TINGIN. NAKATITIG SA DAGAT, PARANG MAY INAABANGAN.
DIYOS KO PATNUBAYAN MO PO KAMI.
HINDI NAKATIIS NA HINDI MAGTANONG SI MIGUEL...
AMANG, BAKIT PO? BAKIT PO NINYO PINALIYAB ANG KAMALIG?









SAGLIT LANG ANG PAGKA-MANGHA AT NANAIG ANG PAGMAMALASAKIT SA MAG-ANAK NI KA DIEGO, BUO ANG LOOB NA SUMAKLOLO SI LEANDRO.





TANGAN ANG MGA SULO AT LAMPARA, DAG-LING RUMILOS ANG LAHAT PAPANHIK SA TALAMPAS.




SA ITAAS... MAY HINAHON AT KATAL SA TINIG NI KA DIEGO NANG MANGUSAP.
MGA ANAK, MASDAN NINYO ANG DAGAT!
DIYOS KO PO, LUMALAYO ANG DAGAT!
SI PURISIMA AY NAPAANTANDA. BINALOT NG KILABOT SA NAKIKITA.
DIYOS KO, ILIGTAS NINYO PO KAMI!
AT SI KA DIEGO...
PARATING NA ANG PANGANIB.
TINANAW NI KA DIEGO ANG GILID NG BUNDOK, NATUNGHAYAN NIYA ANG DAAN-DAANG ILAW NA PATUNGO SA KANILANG KINAROROONAN. MAPAIT NGUNIT MATAMIS ANG NGITING SUMILAY SA KANYANG MGA LABI.
SALAMAT PO, DIYOS KO.



ANG KAMALIG AY PATULOY NA NAGLALAGABLAB NA TILA ISANG MALAKING SULO NA NILILIYABAN ANG GABI.
KAYA PALA PINAGLIYAB NI KA DIEGO ANG KAMALIG AY UPANG MAILIGTAS TAYO SA PADATING NA PANGANIB!
DUMADAGUNDONG ANG DAGAT HABANG PARATING ANG DAMBUHALANG ALON. NILAMON ANG KANILANG BAYAN SA LAMBAK, LAHAT NG KABAHAYAN, KAGAMITAN, SASAKYANG PANDAGAT, ANG LAHAT NG KANILANG ARI-ARIAN. NILAMON NG WARI MO'Y ISANG MABANGIS NA HALIMAW SA DAGAT. MAKAILANG ULIT NA TUMAAS, HUMAMPAS AT NAGPABALIK-BALIK ANG DAMBUHALANG ALON.
MGA DAING AT PANAGHOY NG KAWALAN AT PAGKATAKOT ANG SIYANG HUMALILI SA SAYA AT TUWA NG KAPISTAHAN.
ANG NANAY KO, ANG NANAY KO, NAIWAN PO SA IBABA, HUHU HUUU!


NGUNIT SI KA DIEGO MATIBAY ANG PANINIWALANG SA PAGKALIPAS NG UNOS, PADATAL ANG ISANG BAGONG UMAGA.
BABANGON TAYONG MULI. MAGHAHASIK AT AANI NG MASAGANA. MAMUMUHAY NANG MAY PANG-UNAWA SA KALIKASAN AT MAY PAGPAPAHALAGA SA KALIGTASAN NG BAYAN.
NGUNIT ANUMANG LALIM NG SUGAT AY NAPAGHIHILOM DIN NG PANAHON.
PAALAM PO, MAHAL KONG INAY.
NABUWAL MAN AY BABANGON DIN.
SALAMAT PO NALIGTAS AKO.
WAKAS


# ANO ANG TSUNAMI?

BAKIT NAG-KAKAROON NG TSUNAMI?


ANG IBABAW NG LUPA AY GAWA SA MAKAPAL NA PLATES, SA ILALIM NG PLATES AY NAPAKAINIT AT ANG BATO AY GAYA NG LIQUID, HABANG KUMIKILOS ANG LIQUID AY NAGBIBIGAY ITO NG PRESYON O LAKAS SA PLATES AT PINAGAGALAW ANG MGA ITO,



KAPAG ANG ISANG PLATES AY NASANGGA ANG ISA PA, ITINUTULAK NITO ANG BAWAT ISA AT ANG PRESYON AY NABUBUO HANGGANG SA LOOB NG MAHABANG PANAHON,




KAPAG ANG PRESYON AY NAGING NAPAKALAKAS, ANG ISANG PLATES AY DUMADULAS, ITO ANG LINDOL. ANG PAGKILOS NA ITO NG PLATES ANG DAHILAN NG PAGKAKAROON NG TSUNAMI.





**ANG TSUNAMI AY DUMARATING PAGKATAPOS NG LINDOL!**

SA IBANG PAGKAKATAON, ANG PAG-URONG NG TUBIG-DAGAT ANG NAOOBSERBAHAN.



## ANO ANG DAPAT GAWIN PARA MAKALIGTAS SA TSUNAMI?


KAPAG NAKARAMDAM NG PAGLINDOL, LUMIKAS AGAD SA ISANG MATAAS NA LUGAR!!!






MAG-INGAT! KAPAG ANG PAGLINDOL AY NAGANAP SA MAY MALAPIT SA DAGAT. MAAARING HINDI MARAMDAMAN ANG PAGYANIG NG LINDOL NGUNIT ANG TSUNAMI AY MAAARING DUMATING..

ANG TSUNAMI AY MAAARING MAKAPAGLAKBAY NG NAPAKABILIS NA KAGAYA NG ISANG EROPLANO!



MADALAS NA HIGIT PA SA ISANG PAG-ALON LAMANG ANG DALA NG **TSUNAMI**!!! MANATILI SA ISANG LIGTAS NA LUGAR SA LOOB NG MARAMING ORAS, ANG UNANG PAG-ALON AY HINDI PALAGING SIYANG PINAKAMALAKI, ANG IKALAWA O IKATLONG PAG-ALON ANG MAAARING MAGING PINAKAMALAKI!

NAILIMBAG SA PAGTUTULUNGAN NG :

- ALLIANCE FOR EMERGENCY RESPONSE AND TRAINING, PHILIPPINES
- ASIAN DISASTER REDUCTION AND RESPONSE NETWORK
- ASIAN DISASTER REDUCTION CENTER
- GOVERNMENT OF JAPAN